

# Magkapatid Magpakailanman

Ni Jordan Wright

Batay sa tunay na buhay

*"Nais kong kapiling ang mag-anak namin, paraan nito'y bigay ng Diyos, landas 'tinuro N'yang lubos"* (Aklat ng mga Awit Pambata, *98)*.

Panay ang pagyugyog ni Seth sa likod na upuan ng sasakyan at maingay na kumakanta. "Huwag kang masyadong magulo, Seth," sabi ni Itay. "Kailangan kong magpokus sa pagmamaneho."

"Hindi ko po mapigilan," sabi ni Seth. "Ang galing talaga!"

Ngumiti si Itay. "Natutuwa ako't nasasabik kang makita ang bago mong kapatid."

Pagkadating nila sa ospital, mabilis na pumasok si Seth sa silid ni Inay. Alam niya kung nasaan ito dahil limang araw na si Inay dito. Kinailangan niyang manatili sa ospital dahil maysakit si Baby Caleb, at si Inay ay medyo maysakit din. Maraming ulit nang hiniling ni Seth na makita si Caleb, ngunit palaging sinasabi ni Inay na, "Hindi pa pwede." Sinabi niya na ang mga doktor ang magpapasiya kung malakas na si Caleb para tumanggap ng bisita.

Ngayong araw na ito tumawag ang doktor. Ngayon na ang araw na iyon!

Nang pumasok si Seth sa silid ni Inay, karga na niya si Caleb. Patakbong lumapit si Seth para makita ang bagong silang na kapatid. Napakaliit ni Caleb. Mukhang mas maliit siya kaysa sa mga sanggol na pinsan ni Seth. At may kakaiba sa kanyang ilong at mga tainga. Mukha siyang maliit na duwende!

"Hi, anak," sabi ni Inay. "Maghugas ka ng kamay, at maaari mong kargahin ang baby."

Naghugas si Seth ng kanyang mga kamay gamit ang isang espesyal na sabon. Umakyat siya sa kama ng ospital sa tabi ni Inay. Umusog nang kaunti ang ina at ipinasa sa kanya ang baby. Tinulungan ni Itay si Seth na iayos ang mga kamay sa tamang lugar.

Pinagmasdan ni Seth si Caleb. "Hi, Caleb," sabi niya. "Ako si kuya Seth mo. Matutulog ka sa silid ko, at ipapakita ko sa iyo ang lahat ng laruan ko, at maglalaro tayo sa parke."

Matamang tumitig si Baby Caleb kay Seth. Sa isipan ni Seth, siya ang pinakamagandang baby sa lahat.

Nang mangawit ang mga braso ni Seth, si Itay naman ang kumarga kay Caleb. Hinawakan ni Inay ang isa sa mga kamay ni Seth at tinitigan siya nito.

"Seth," sabi niya. "Naaalala mo ba noong matutunan mo sa Primary ang tungkol sa plano ng kaligtasan?"

PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN

Tumango si Seth. Maganda ang araw na iyon. Si Sister Lopez ay may hawak na buwan at bituin at malaking mundo na nakadikit sa mga patpat. Si Seth ang humawak ng araw.

"Naaalala mo ba kung paano tayo nabuhay sa langit bago pumunta sa mundo at paano tayo babalik sa langit kapag namatay tayo?"

Muling tumango si Seth.

"Malubha pa rin ang sakit ni Baby Caleb. At sinabi ng doktor na hindi magtatagal ang buhay niya. Hindi magtatagal at mamamatay na siya at magbabalik sa langit."

Tiningnan ni Seth si Inay. Tiningnan niya si Baby Caleb na karga ni Itay. Pagkatapos ay sumimangot siya. Nagsisikip ang kanyang lalamunan. "Pero mahal ko siya. Gusto kong manatili siya rito at makasama siya sa silid ko at makipaglaro sa akin. Ayaw rin ba niyang manatili rito?"

Niyakap ni Inay si Seth. "Siyempre gusto niya tayong makasama. Tayo ang pamilya niya. Kaya nga makikita niya tayong muli."

"Gagawin niya iyon?"

Tumango si Inay. "Ikinasal kami ng Itay mo sa templo. Nangako kami na ang pamilya natin ay magsasama-sama magpakailanman. Kayo ni Caleb ay mga anak namin magpakailanman."

"Ang ibig sabihin nito, kayo ni Baby Caleb ay magkapatid magpakailanman," paliwanag ni Itay. "At makikita mo siyang muli sa langit."

Nalungkot si Seth. Nakadama rin siya nang kaunting galit. Pero naisip niya na magkikita sila ni Baby Caleb sa langit at bahagyang napangiti. Lumapit siya at hinaplos ang malambot na buhok ni Baby Caleb. "Magiging magkapatid kami sa langit? Ang galing naman."

Hinalikan ni Inay si Seth sa pisngi. "Ito *ay* kahanga-hanga." ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Iowa, USA.*



**TUNAY NA WALANG KATAPUSAN**

"[Sa plano ng Ama sa Langit] ay totoong walang wakas, mga simula lamang na hindi kailanman magwawakas."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Nagpapasalamat Anuman ang Kalagayan," *Liahona*, Mayo 2014, 77.**